

Taon XXXII Blg.7 Hulyo 2002


Editoryal

Rebolusyonaryong pakikibaka, pag-asa para sa tunay na repormang agraryo

a okasyon ng ika-14 na anibersaryo ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) noong Hunyo 10, ipinangalandakan ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang diumano'y mga tagumpay nito sa pagpapatupad ng repormang agraryo. Anito, ang naipamahaging lupaing agrikultural sa taong ito ay higit pa nang 4,261 ektarya sa target na 100,000 ektaryang mga pribadong lupain na itinakda ni Macapagal-Arroyo sa kanyang State of the Nation Address noong 2001. Ito rin daw ang pinakamalaking bilang ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) na naipamahagi sa loob ng isang taon sa buong kasaysayan ng CARP.

Ang totoo, ito ang pinakamababang bilang ng naipamahaging CLOA. Bago ito, ang pinakamababang bilang ay ang 111,665 ektaryang ipinamahagi umano ng rehimeng Aquino sa unang taon ng CARP.

Hindi rin lahat ng lupang sinasabi nilang naipamahagi ay pribado: mga 35,000 ektarya nito ay itinuturing na mga lupaing publiko. Masahol pa, batbat ng mga anomalya at pagkukunwari ang pamamahagi ng mga ito. Kabilang na rito ang mga sumusunod:



- Stock Distribution Option (tulad ng ginawa sa 6,000 ektarya ng Hacienda Luisita);
- Corporative Scheme (tulad ng ginawa ni Eduardo "Danding" Cojuangco sa mahigit 4,361 ektarya ng mga lupain niya sa Negros Occidental na kunwa'y ipinamahagi sa mga kasamá ngunit muli ring sinaklaw kaagad ng Eduardo Cojuangco and Sons Incorporated kapalit ang tig-kakaunting sapi sa korporasyon);
- Cooperative Scheme (tulad ng ginagawa ni Cojuangco sa 150,000 ektarya sa Isabela, kung saan ang mga magsasaka ay ipinaloob sa VapDeCo, isang bogus na kooperatibang itinayo ni Faustino Dy Jr., warlord na gubernador ng prubinsya. Sapilitan ding itinali ang mga magsasaka sa eksklusibong kontrata ng pagtatanim ng kamoteng kahoy para sa San Miguel Corporation ni Danding Cojuangco); at
- Voluntary Land Transfer/Direct Payment Scheme o VLT/DPS (na siya ngayong ibayong itinataguyod ng rehimeng Macapagal-Arroyo).

Ang unang tatlo ay pawang iba't ibang anyo ng kunwa'y mga *joint venture* (magkasanib na pag-aari) sa pagitan ng panginoong maylupa at magbubukid. Ang mga ito'y iskema ng malalaking



NILALAMAN Taon XXXII Blg. 7 Hulyo 2002

- **1 Editoryal:** Rebolusyonaryong pakikibaka, pag-asa para sa tunay na repormang agraryo
- 3 VLT/DPS, punung-puno ng katiwalian
- **5 Ulat-koresponsal:** Mahigit 11,000 magsasaka nakinabang sa rebolusyong agraryo sa Hilagang Silangang Mindanao **(6)** Matagumpay na kampanyang kontra-usura, inilunsad sa Cagayan
- 7 Kalagayan ng mga manggagawang bukid sa Hacienda Luisita
- **8** Guingona, pinatalsik sa DFA dahil sa pagkontra sa Balikatan
- 9 Panghihimasok-militar ng US
- **10** US, niyayanig ng mga iskandalong pampinansya
- 11 Balita

panginoong maylupa-kumprador upang ang mga lupaing diumano'y ipinamamahagi sa mga magsasaka ay maaangkin pa rin at patuloy na makokontrol ng mga panginoong maylupa-kumprador. Kapalit nito ang tig-kakaunting sapi sa mga korporasyon o bogus na kooperatiba na nasa absolutong kontrol din ng mga panginoong maylupa-kumprador.

Ang VLT/DPS na siya naman ngayong itinuturing ng rehimeng Macapagal-Arroyo na estratehiya nito sa pagpapatupad diumano ng CARP, ay nagagamit lamang na instrumento ng mga panginoong maylupa sa pagpapamana ng kanilang mga lupain sa pinipili nilang mga "benepisyaryo" na kadalasa'y mga anak at kamag-anak nila. Nagagamit din ito ng rehimen para sa pagpapalaki ng bilang ng diumano'y pinamahagihan ng lupa sa ilalim ng CARP. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo*.)

Bukod pa ang mga ito sa napakarami pang dati nang nakagawian ng mga panginoong maylupa na mga paraan para balewalain, lusutan o baligtarin ang pagpapatupad ng CARP. Mula't sapul, sadyang binigyang puwang ng CARP ang maraming paraan at palusot upang di saklawin ang naglalakihang lupain ng mga panginoong maylupa. Sa katunayan, panay mga butas at palamuti ang nilalaman ng CARP at panay mga katiwalian ang nangyari sa pagpapatupad nito.

Kabilang sa mga ito ang:

- pagpapalit-gamit at/o pagpapalit-tanim sa mga lupaing dapat ay saklaw ng CARP pero ibinabaling na sa mga tanim na pang-eksport at di na saklaw ng CARP o kaya sa mga proyektong industriyal, komersyal, residensyal at panturismo.
- paglilibre ng mga komersyal at korporadong sakahan sa saklaw ng CARP, kabilang ang mga prutasan, palaisdaan, sugpuan, manukan, babuyan at bakahan;
- pagkakaroon ng mga kasunduang leasehold (kinontratang matagalang pagpapaupa) sa pagitan ng panginoong maylupa at magbubukid
- sobrang pagpepresyo sa lupa

Walang pinag-iba ang CARP at ang iba't ibang iskema ng bogus na reporma sa lupa sa nakaraan: mula pa sa hungkag na "hustisya sosyal" ni Quezon hanggang sa pampalamuting Land Reform Act (1955)

Sundan sa "Editoryal", pahina 3



VLT/DPS, punung-puno ng katiwalian

T sa sa mga pakana ng mga Lpanginoong maylupa upang umiwas sa pagpapatupad ng reporma sa lupa ay ang Voluntary Land Transfer/Direct Payment Scheme (VLT/DPS). Ito ang pinakamadalas nang ginagamit sa mga diumano'y pagpapatupad ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP), laluna mula 1996. Ang VLT/DPS ay pinagtibay na rin ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo bilang estratehiya sa pagpapatupad ng CARP.

Sa VLT/DPS, pumipili ang mga panginoong maylupa ng

mga pinapaborang "benepisyaryo" na direkta nang "magbabayad" sa kanila. Ang tanging papel na lamang dito ng DAR ay ang paggawa ng mga sertipiko at iba pang upisyal na dokumento, pagpapasarbey at pagtanggap ng transfer tax (buwis sa paglipat).

Maging sa pagsisiyasat ng Audit Management and Investigation Committee of the Presidential Agrarian Reform Council (AMIC-PARC), napatunayang ito ngayon ang ginagamit na iskema ng karamihan ng mga

Sundan sa "VLT/DPS...", pahina 4

"Editoryal", mula sa pahina 2

ni Magsaysay, bogus na Agricultural Land Reform Code (1963) ni Diosdado Macapagal at Presidential Decree 27 (1972) ni Marcos. Pangunahing layunin ng lahat ng mga ito na linlangin ang mga magsasaka sa mga pakunwaring pamamahagi ng lupa, supilin ang kanilang mga paglaban at panatilihin silang nakagapos sa pyudal at malapyudal na paghahari. Lahat ng mga ito'y walang layuning wakasan ang monopolyo ng mga panginoong maylupa sa malawak na mga lupain at ipamahagi ang mga ito nang libre sa mga magsasaka. Kung may naipamahagi man, ito'y sa napakataas na presyo ng amortisasyon na lampas sa kakayahan ng mga maralita at panggitnang magsasaka.

Sa nakaraang tatlong dekada, lalong mabilis na sumidhi ang problema ng mga magbubukid sa kawalan o lubhang kakulangan ng lupang masasaka. Ang suliranin sa lupa ng mga magbubukid ay hindi naresolbahan ng mga bogus na reporma sa lupa ng mga nagdaan at kasalukuyang rehimen; bagkus ay higit pa itong lumala.

Sa ngayon, pito sa bawat sampung magsasaka ang walang sariling lupang sinasaka. Nananatiling mataas

ang konsentrasyon ng mga lupaing agrikultural sa kamay ng malalaking panginoong maylupa, burges-kumprador at mga dayuhang agro-korporasyon. Tinatayang halos 20% ng mga lupaing agrikultural sa bansa ay pag-aari ng 9,500 malalaking panginoong maylupa, na sa kalakha'y mga burges-kumprador din. Bukod pa rito ang ibayong malalawak na lupaing epektibong kinokontrol ng malalaking burges-kumprador. Mayroon man o walang tuwirang pag-aaring mga sakahan, sa aktwal ay mga bagong-tipong panginoong maylupa sila.

Pinatutunayan ng lahat ng ito na hindi malulutas ang pangunahing suliranin ng mga magsasaka sa kawalan ng lupa kundi sa pamamagitan ng rebolusyong agraryong kaakibat ng armadong rebolusyon. Ang mga magsasakang nakikipaglaban para sa lupang mabubungkal at para wasakin ang makalumang sistemang pyudal at malapyudal sa kanayunan at sa kabuuan ng bansa—silang mga sumasapi at sumusuporta sa Bagong Hukbong Bayan at mahigpit na nagtataguyod ng digmang bayan—ang pangunahing maasahang pwersa para sa pagkakamit ng tunay na demokrasya ng mamamayan at ng pambansang kalayaan.

"VLT/DPS...", mula sa pahina 3

panginoong maylupa para lusutan ang CARP. Sa ilang lugar, tulad ng Pangasinan, umaabot nang hanggang 95% ng diumano'y pagpapatupad ng CARP ang idinaraan sa maanomalyang iskemang VLT/DPS.

Sumusunod ang ilan sa mga karaniwang anyo ng katiwalian sa iskemang VLT/DPS na nailantad:

• Marami sa mga ginawang "benepisyaryo" ay di kwalipikado, kabilang ang mga nasa murang edad pa na anak at iba pang kamag-anak ng mga panginoong maylupa o kaya'y mga *dummy*

(prente) ng mga panginoong maylupa. Ayon nga sa AMIC-PARC, "ang ilang vaniuulat na pamamahagi ng lupa ay paraan ng pagpapamana."

Sa Agno, Pangasinan, 95% ng iniulat ng Municipal Agrarian Reform Officer na "pinamahagihan" ng mga lupain ay sa pamamagitan ng VLT/DPS at na karamihan ng mga ito'y

4

mga kamag-anak at tauhang pinili ng mga panginoong maylupa.

• Sa maraming kaso, nagsabwatan lamang ang mga panginoong maylupa at naglista ng kung kanikaninong mga pangalan nang hindi na ipinaaalam sa mga "benepisyaryo". Sa maraming kasong inimbestigahan, ni hindi magsasaka ang mga

hindi nila kilala ang panginoong maylupa na pumili sa kanila bilang "benepisyaryo"; at hindi rin nila alam kung nasaan ang tinutukoy na mga lupain. Sa Iligan City, halimbawa, natuklasang hindi magsasaka ang 26 "benepisyaryo" ng VLT/DPS. Kabilang sa mga ito ang isang manidyer ng botika, isang

"benepisyaryo" at walang balak magsaka; ni

manidyer ng imprenta, siyam na estudyante at dalawang matagal nang nakatira sa US. Sa Esperanza, Agusan del Sur, natuklasang ang anim na "benepisyaryo" ng VLT/DPS ay di magsasaka at di man lamang nakatira sa lugar: dalawa ang nasa Maynila, dalawa sa Bohol, isa sa Sarangani at ang isa

pa ay dalawang taon nang nagtatrabaho sa ibang bansa.

Laki ng pag-aaring lupain ng ilang pinakamalalaking panginoong maylupa noong 2000

Hasyenda/Panginoong may lupa	Pag-aari (ektarya)	Lugar
Danding Cojuangco	19,000	Isabela, Negros, Pangasinan at Mindoro
Hacienda de los Santos	9,700	Nueva Ecija
Hacienda Roxas	8,500	Batangas
Hacienda San Antonio at Sta. Isabe	8,000	Isabela
Hacienda Yulo	7,100	Laguna
Pamilya Tinio	7,000	Nueva Ecija
Hacienda Luisita	6,000	Tarlac
Pamilya Floirendo	4,500	Mindanao



Mahigit 11,000 magsasaka, nakinabang sa rebolusyong agraryo sa Hilagang

Silangang Mindanao

mabot na sa 11,343 magsasaka ang nakinabang sa rebolusyong agraryo mula Abril 2001 hanggang Abril 2002 sa iba't ibang mga sonang gerilya sa rehiyon ng Hilagang Silangang Mindanao. Sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pakikibaka, nagawa ng mga magsasaka na itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid at ang presyo ng kanilang mga produkto, ibaba ang upa sa lupa at usura at igiit ang kanilang karapatang magsaka. Ayon sa *Lingkawas*, rebolusyonaryong pahayagang masa sa rehiyon, nailunsad ang 23 kampanyang may iba't ibang anyo at tagal sa mahigit 60 baryo sa loob ng isang taon.

Sumusunod ang ilan sa mga nailunsad at naipagwaging mga aksyon ng mga organisasyong masa:

- Pagpapataas sa sahod para sa lahat ng klase ng trabaho sa pagsasaka sa Las Nieves, Agusan del Norte. Ang dating P70 ay naging P80 bawat araw. Libre na pati ang almusal at pananghalian. Mahigit 200 pamilya ang nabenepisyuhan nito. Naimpluwensyahan ang lima pang kanugnog na baryo. Naipagwagi rin ang gayong pagpapataas ng sahod sa San Agustin at Tandag sa Surigao del Sur at Butuan City sa Agusan del Norte.
- Pagpapataas din ng sahod sa pagpitas ng kalamansi, mula P30 tungong P40 bawat netbag sa Bayugan at Sibagat, Agusan del Sur.
- Pagpapataas sa presyo ng lakatan mula P2.50 tungong

P5.00 bawat kilo; at ng latundan mula P2.00 tungong P4.50 bawat kilo sa dalawang baryo

sa Lianga, Surigao del Sur. Ang morado na dating hindi binibili ay tig-P5.00 na ang bayad bawat pagbubuhat. Sa Agusan del Norte, ipinagbawal ng apat na komersyante ang pagpapataas sa presyo ng latundan tungong P9-9.50 bawat bundak (1-2 piling). Ngunit nang makita nilang handa ang mga magsasaka na magbenta sa ibang komersyante at palakasin ang kanilang kooperatiba, napilitan silang bilhin na rin ang saging sa presyong itinakda ng mga magsasaka.

- Pagpigil sa pag-agaw ng kanilang lupa para gawing plantasyon ng palm sa limang baryo sa Bayugan.
- Sa Agusan del Norte, panimulang nabago ang sistema ng sa upa sa lupa pabor sa kasamá.

Paglulunsad ng ligal na nito, tulad ng naganap sa Agusan del Norte, naghanap ang mga magaabaka ng ibang mapagbebentahan kasabay ng pagpapalakas sa kanilang kooperatiba.

NG MGA PRODUKTO!

Patuloy na pinauunlad ang iba't ibang anyo ng kooperasyon ng masa para mapahusay ang produksyon at ang antas ng kanilang kabuhayan. Pana-panahong isinusulong ang kampanyang "balik-sakahan" sa mga lugar na napalayas ang mga magsasaka dahil sa hamletting at operasyong militar ng AFP noong dekada 1980 hanggang dekada 1990. AB

pakikibaka para sa pagpapataas ng presyo ng abaka sa limang bayan ng Surigao del Sur. Hinadlangan ito ni Vice Gov. Lib Navarro. Sa kabila



Matagumpay na kampanyang kontra-usura, inilunsad sa Cagayan

sang bungkos ng mga tagumpay ang naani mula sa pagkilos ng mga magsasaka laban sa mga panginoong maylupa at mga usurero sa Baggao, Cagayan. Umabot sa 2,400 pamilya sa 12 na barangay ng Baggao ang nakinabang sa kampanyang masang ito.

Naitulak ang mga usurero't komersyante na pumirma sa isang kasunduan bilang pormal na pagsang-ayon sa iginigiit ng mga magsasaka na pagpapababa ng interes sa pautang at pag-alis sa iba pang paraan ng pagsasamantala sa bentahan ng produkto ng mga magsasaka. Naganap ang kumprontasyon sa barangay hall ng Centro Baggao noong Abril 8. Ito ang naging rurok ng walong buwang kampanyang masa. Pinamunuan ito ng CAGIMUNGAN, ang inter-munisipal na samahan ng mga magsasaka sa prubinsya ng Cagayan.

Mula sa dating interes na 50-60 kilo ng mais o palay sa bawat P1,000.00 na utang, naigiit ng mga magsasaka na ibaba ito sa 25 kilo. Bagamat sa susunod na anihan ng 2002 pa ito magsisimula, binawasan na nang 10 kilo ang interes sa kasalukuyang anihan.

Naigiit din ng mga magsasaka na hindi na sila oobligahing magbenta ng kanilang produkto sa pinag-utangan nila. Maaari na silang magbenta kahit sa ibang komersyante na nag-aalok ng mas mataas na presyo. Kabilang din sa kasunduan ang pagtigil sa pagpapatong ng interes sa abono na inuutang ng mga magsasaka. Ipapautang na lamang ang abono batay

sa umiiral na presyo sa merkado.

Hindi na rin magbabayad ng interes sa pautang sa panahon ng kalamidad at ititigil ang pagpapaaresto sa mga di nakabayad ng mga utang at ang pagkumpiska ng kanilang kalabaw at lupa.

Magiging regular ang inspeksyon sa mga timbangan ng mga komersyante para matiyak na walang daya sa mga ito. Susubaybayan din ang presyo ng pagbenta ng mais at palay sa mga bagsakan ng mga komersyante at dito ibabatay ang presyo ng pagbili sa produkto ng mga magsasaka.

Ang kumprontasyon sa pagitan ng mga lider magsasaka at mga komersyante-usurero ay sinabayan ng rali ng mahigit 600 magsasaka, hawak ang mga plakard na nagpapahayag ng kanilang mga kahilingan. Sinaksihan din ito ng mga upisyal ng bayan at barangay at mga taong simbahan.



Samantala, sa Baggao at iba pang bahagi ng silangang Cagayan, umaabante ang mga pakikibaka ng mga magsasaka para mapababa hanggang mapawi ang upa sa lupa at mapasakanila na ang mga sakahang matagal na nilang inuupahan, maibaba ang bayad sa patubig at maitaas ang presyo ng mga produkto. Kasabay ng mga ito, sumusulong ang tulungan ng mga magsasaka para sa pagpapaunlad ng kanilang produksyon at kalusugan.

Nagbunga rin ang mga kampanyang masa ng paglawak at konsolidasyon ng CAGIMUNGAN at pagpapaunlad ng ugnay sa mga panggitnang pwersa. Higit sa lahat, ang mga pakikibakang masa ay pinagmumulan ng masaganang ani ng mga gintong aral para sa pagpapalakas ng pagkakaisa at pagsusulong ng interes ng mamamayan.

Matabang lupa para sa rebolusyon

"Ang tanging solusyon sa mga suliranin ng mga manggagawang bukid sa Hacienda Luisita ay rebolusyong agraryong nasa balangkas ng pambansa-demokratikong pakikibaka." – Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid

ahigit isang buwan nang tuluy-tuloy na pagkilos mula noong Mayo 20 ang isinagawa ng mga manggagawang bukid laban sa bagong patakarang ipinapataw sa kanila ng Hacienda Luisita Inc. (HLI). Libu-libong magbubukid mula sa 10 baryong saklaw ng asyenda ang lumahok dito. Nagkaroon na ng marahas na kumprontasyon dito bunga ng probokasyong ginawa ng pinagsanib na mga pwersa ng militar, pulis, CAFGU at mga gwardya ng asyenda na

sama-samang nandarahas sa mga trabahador.

Ang 6,000 ektaryang lupaing bumubuo ng Hacienda Luisita sa Tarlac ay pag-aari ng angkan nina Peping Cojuangco at dating presidente Corazon Aquino. Mula pa sa rehimeng Aquino, ipinagmamalaki ito ng magkakasunod na rehimen bilang showcase ng tagumpay diumano ng repormang agraryo ng gubyerno. Ang 5,228 manggagawang bukid rito ay ginawang laru-laruan ng iba't ibang iskema ng iba't ibang rehimen para ikutan ang repormang agraryo. Noong huling bahagi ng dekada 1980, sinimulan sa asyenda ang land-distribution scheme na kaagad pinalitan ng stock-distribution scheme. Bawat iskemang ito ay tinatakan ng gubyerno na "tagumpay" at "modelo" sa pagpapatupad ng repormang agraryo. Subalit para sa mga manggagawang bukid rito, bawat iskema na ipinapataw sa kanila ay ibayong kahirapan at pagsasamantala.

Ipinataw noong Mayo 13 ang bagong patakaran sa paggawa ng HLI na siyang dahilan ng sama-samang pag-kilos ng mga mang-gagawang bukid. Ang bawat manggagawang bukid ay pinagtatrabaho na lamang nang tatlong oras

bawat linggo o kaya ay dalawa hanggang tatlong araw sa isang buwan at tatanggap ng sahod na P73.00 kada linggo o di kaya'y P291.75 bawat buwan. Bunsod ito ng bagong patakarang relyebo. Hindi na rin pinapayagan ang obertaym at hindi na rin bibigyan ng trabaho ang mga manggagawang bukid sa tag-ulan. Labag ito sa probisyon ng collective bargaining agreement (CBA) na napagkasunduan ng unyon at maneydsment ng HLI na ang bawat manggagawang bukid ay may garantiyang magtrabaho sa asyenda nang anim o pitong araw bawat linggo at tatanggap ng sahod na P194.50 kada araw batay sa walong oras na pagtatrabaho.

Batay pa rin sa bagong patakaran, kukuha na lamang ng 144 manggagawang bukid ang HLI sa bawat barangay kada linggo. Taliwas ito sa nilalaman ng CBA na dapat makapagtrabaho ang 523 katao bawat barangay kada araw.

Ang arawang pamantayan upang mabuhay ang isang anim-kataong pamilya sa labas ng Metro Manila ay P396.00 o P12,000.00 bawat buwan. Nangangahulugan na papatayin ng HLI sa gutom ang mga manggagawang bukid at pamilya nila sa balak na pagpapasahod na P291.75 bawat buwan (o abereyds na wala pang P10 bawat araw). Mas masahol pa, wala na ring kikitain ang mga manggagawang bukid sa tag-ulan.

Upang lubusin ang pagsasamantala, ginagamit ni Peping Cojuangco ang mga militar at pulis

sa pandarahas sa mga manggagawang bukid. Ang pagbubuo ng mga iskwad ng sibilyang pwersang panseguridad sa ilalim ng CAFGU ay ipinursige ni Benigno "Noynoy" Aquino III, kongresman ng ikalawang distrito ng Tarlac at anak ni dating Presidente Aquino. Ginagawa ring pribadong hukbo ni Cojuangco ang 69th IB upang protektahan ang asyenda laban sa mga nagpuprotestang mamamayan. Kakutsaba rin ng HLI ang korte sa pagsasampa ng kasong kriminal sa 14 na manggagawang bukid kaugnay ng karahasang naganap noong unang hati ng Hunyo. Ang United Luisita Workers' Union naman, isang dilawang unyong pinamumunuan ni Francisco "Boy" Sigua, ay kinakasangkapan ng HLI sa pagtatraydor sa laban ng mga trabahador.

Umaani ng suporta ng mamamayan ang pakikibaka ng mga manggagawang bukid sa Hacienda Luisita na pinamumunuan ng Alyansa ng mga Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA). Sinuportahan ito ng Central Azucarera de Tarlac Labor Union, ang pinakamalaking organisadong grupo ng manggagawa sa Tarlac at ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Tarlac, ang kaanib na organisasyon sa prubinsya ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Ang lubhang napagsasamantalahan at aping kalagayan ng mga manggagawa sa asyenda at ang paggamit ng mga instrumento ng karahasan upang ipagkait ang kanilang mga karapatan ay nagtutulak sa kanila upang puspusang isulong ang kanilang pakikibaka.

Guingona, pinatalsik sa DFA dahil sa pagkontra sa Balikatan

Muling tumingkad ang hidwaan sa pagitan nina Macapagal-Arroyo at Bise Presidente Teofisto Guingona Jr. nang ianunsyo ni Guingona nitong Hulyo 2 ang kanyang tuluyang pagbibitiw bilang kalihim ng Department of Foreign Affairs (DFA) pagsapit ng Hulyo 15. Hindi pinagkakaila ni Guingona ang pagpapabitiw sa kanya ni Macapagal-Arroyo dahil sa kanyang patuloy na pagkontra sa mga patakaran ng rehimeng Macapagal-Arroyo na nagtataguyod sa interbensyong militar ng US at sa mga paglabag sa soberanya ng Pilipinas, kabilang na ang Balikatan at ang Mutual Logistics Support Agreement (MLSA).

Bago ito, tutol na si Guingona sa pagbabaluktot sa mga probisyon ng Visiting Forces Agreement (VFA) para bigyang-katwiran ang matagalang presensya ng mga tropang Amerikano sa bansa.

Tinututulan din niya ang isang probisyon sa *trilateral* na "antiteroristang kasunduan" ng Pilipinas, Indonesia at Malaysia noong Mayo 7 dahil sa nakasaad ritong depinisyon ng "terorismo" na malawakang sumasaklaw sa "mga banta sa istabilidad, teritoryal na integridad, pagkakaisang pampulitika at soberanya ng mga independyenteng estado". Ayon kay Guingona, sinasaklaw na nito maging ang mga rebolusyonaryong grupo at makasasagka na ito sa pakikipag-usapang pangkapayapaan sa mga ito. Paano pa aniya maipagpapatuloy ang mga usapang pangkapayapaan kung ituturing na "terorista" ang mga kausap? Ngunit, iginiit ni Macapagal-Arroyo ang pag-apruba rito at inatasan niya si DILG Sec. Jose Lina para siya nang pumirma sa kasunduan, dahil tumangging pirmahan ito ni Guingona.

Lalong lumala ang hidwaan nang tumutol din si Guingona sa MLSA. Magpapahintulot ito sa US na magtayo sa Pilipinas ng mga pasilidad para imbakan ng armas at iba pang gamit at suplay militar. Sikreto itong pinirmahan nina Macapagal-Arroyo at US Pres. George Bush noong nakaraang taon at ngayo'y balak na nilang ipormalisa.

Tinanggap na ni Sen. Blas Ople ang alok ni Macapagal-Arroyo na siya ang pumalit kay Guingona sa DFA.

Malaon nang magkatuwang sina Ople at Macapagal-Arroyo sa pagtutulak ng imperyalistang "globalisasyon". Noong pareho pa silang senador, sabay nilang ipinanukala ang pag-apruba sa General Agreement on Tariffs and Trade na nagresulta sa pagsapi ng Pilipinas sa World Trade Organization at pagpapailalim ng bansa sa mga maka-imperyalistang patakaran nito. Si Ople ang pangunahing may panukala, pero si Macapagal-Arroyo ang sumalo at pangunahin nang nagdala nito nang magkasakit si Ople.Si Macapagal-Arroyo naman

Sundan sa "Guingona...", pahina 9

Kasunduan para sa walang taning na kooperasyong militar, inaprubahan

Inianunsyo nitong Hulyo 1 ni Macapagal-Arroyo na pinagtibay ng Mutual Defense Board (MDB) ang isang matagalang programa para sa "tulungang militar" ng Pilipinas at US. Nakasaad sa limang-taong programa ng MDB sa pagpupulong nito sa Hawaii noong Hunyo 25 ang pagtransporma ng kasalukuyang Balikatan 02-1 tungo sa isang "sustenidong programa ng kooperasyong panseguridad at kontra-terorismong pagsasanay at pagtutulungan".

Hindi lamang nito bibigyang-daan ang permanenteng presensya ng mga tropang Amerikano sa bansa sa anyo ng mahahaba at magkakasunod na "Balikatan". Ang operasyon ng mga "pagsasanay" na ito ay sasaklaw pa sa buong bansa. Kabilang dito ang inianunsyo ni Gen. Roy Cimatu, hepe ng AFP, na ang mga tropang kalahok

sa Balikatan 02-1 na upisyal na magtatapos sa Hulyo 31, ay bubuuin sa mas maliliit na pangkat at ipapakat sa iba't ibang lugar sa Luzon, Visayas at Mindanao.

Liban sa tropang lumalahok sa mga "Balikatan", pahihintulutan din ng rehimen ang paglalabas-masok ng iba pang tropa at mga barkong Amerikano sa ngalan ng "kontra-terorismo".

Tumutugma ito sa nauna nang pahayag ni US Defense Sec. Donald Rumsfeld na magtatagal pa ang mga tropang Amerikano sa bansa lampas sa itinakdang mga limitasyon ng Balikatan 02-1.

Kaugnay nito, ipinag-utos ni Bush noong Hunyo 28 ang pagbibigay ng kagamitan at serbisyong militar na nagkakahalaga ng \$10 milyon. Para diumano ito sa isang "di inaasahang pangyayari na nangangailangan ng kagyat na pagbibigay ng kontra-terorismong tulong-militar sa armadong hukbo ng Pilipinas".

Hindi matukoy ng mga upisyal-militar ng AFP kung ano itong "di inaasahang pangyayari". Bahagi ng MLSA ang ayudang ito.

Taong-midya, hinamak ng mga tropang Amerikano

Sinigawan at kinasahan ng armas ng mga tropang Amerikano ang dalawang kagawad ng midya noong Hunyo 17. Humiling ng panayam sina Jiggy Manicad at Jun Fronda, reporter at *cameraman* ng GMA-7, kaugnay ng katatapos na engkwentro sa pagitan ng mga tropa ng US at Abu Sayyaf sa Isabela City. Hinarang sila ng mga

sundalong Amerikanong nagbabantay sa kalsada sa himpilan ng 55th IB. Binunutan at kinasahan sila ng armas, itinaboy at buong-pagmamayabang na sinigawang "*This is our area* (Erya namin ito)!"

Sa halip na punahin, ipinagtanggol pa ni Maj. Gen. Ernesto Carolina, hepe ng Southern Command, ang gayong

arogansya ng mga dayuhang tropa.

PANGHIHIMASOK

MILITAR NG

Tropang Amerikano, nakipagputukan

Nakipagpalitan ng putok ang ilang tropa ng US at AFP noong Hunyo 17 sa mga pinaghihinalaang pwersa ng Abu Sayyaf. Dalawang sundalo ng US Marines at isang sundalo ng AFP ang nasangkot sa naturang engkwentro.

Naganap ito nang paputukan ng isang grupo ng armadong kalalakihan ang isang pangkat ng US Navy Seabees (construction battalion) na gumagawa ng kalsada sa Maligue, Isabela. Ang US Navy Seabees ay kabilang sa 500 Amerikanong sundalo na nasa Basilan. Gumagawa sila ng mga imprastruktura upang tulungan ang AFP na mapabilis ang paggalaw sa magubat na isla at magpakitang-tao sa mga residente ng Basilan.

"Guingona...", mula sa pahina 8

ay masugid na sumuporta kay Ople nang kanyang ipanukala ang pagpapatibay sa VFA.

Layunin din ni Macapagal-Arroyo sa pagbibigay ng DFA kay Ople na isang myembro ng opisisyon ang mabawasan ng isang krusyal na boto ang oposisyon sa Senado. May pagkukunwari pa si Ople na hindi siya oportunista kaya boboto pa raw muna siya para sa oposisyon sa muling pagbubukas ng Senado. Ngunit kagyat pagkatapos nito, lilipat na siya sa DFA at muling mapapasakamay na ng kampong Macapagal-Arroyo ang mayorya sa Senado.

US, niyayanig ng mga iskandalong pampinansya

alang patid ang serye ng malalalang iskandalong pampinansya na yumayanig sa ekonomya ng US mula pa noong huling bahagi ng 2001. Kinatampukan ang mga ito ng mga anomalya sa *accounting* (pagkukwenta) at panloloko sa publiko at sa mga nagmamay-ari at bumibili ng sapi sa ilang pinakamalalaking korporasyon sa US.

Pinakahuli sa serye ang kaso ng WorldCom, ang ikalawang pinakamalaking kumpanya ng telepono sa US at nangungunang kumpanya sa internet sa buong mundo. Nabunyag noong Hunyo 25 na inilingid ng WorldCom sa mga maysapi rito ang \$3.8 bilyong gastos ng kumpanya mula noong nakaraang taon. Pinalabas ng pamunuan nito na ang naturang mga gastos ay nagamit bilang puhunan.

Lumilitaw ngayon na nalulugi nang malaki ang kumpanya taliwas sa ipinakikita nito sa publiko. Bunga ng kontrobersya, bumagsak sa \$0.21 ang presyo ng sapi sa kumpanya mula sa dating mahigit \$64. Kapag nagkataon, ang kaso ng WorldCom ang siyang magiging pinakamalaking pagkabangkrap sa kasaysayan ng US. Ngayon pa lamang, 17,000 na o humigit-kumulang 20% ng mga empleyado nito sa buong daigdig ang sinesante ng kumpanya. Pinangangambahan din ang posibleng implikasyon ng pagbagsak ng WorldCom sa pambansang seguridad ng US dahil dito nakasalig ang mga pangangailangan sa telekomunikasyon ng mga estratehikong ahensya ng gubyerno, kabilang ang Pentagon at ang Department of State.

Bukod sa mga pinuno ng WorldCom, kabilang sa mga pangunahing maysala ang Arthur Andersen, ang accounting firm (kumpanyang tagasuri sa katayuang pinansyal) ng WorldCom sa panahong saklaw. Ang Arthur Andersen din ang sangkot sa kaso ng Enron, isang kumpanya sa enerhiya at ikapitong pinakamalaking korporasyon sa US at ika-16 sa buong mundo bago tuluyang bumagsak.

Nagsimula ang serye ng mga iskandalo nang mabunyag noong Oktubre 2001 ang pagsisikap ng pamunuan ng Enron na pagtakpan sa pamamagitan ng mga pandaraya sa kwenta ang tunay na katayuan nito upang pataasin ang presyo ng mga sapi rito. Nalugi at nabaon sa utang ang higanteng korporasyon dulot ng malakihan

at sistematikong pagdispalko ng salapi ng mga pinuno nito. Kamakailan lamang ay nahatulan ng korte ang Arthur Andersen sa salang *obstruction of justice* (paghadlang sa hustisya) dahil sa pagsira nito sa mga dokumentong magsisilbi sanang ebidensya laban sa Enron.

Dawit din sa kaso ng Enron ang administrasyon ni George W. Bush. Kilalang malapit sa si Kenneth Lav. presidente tagapangulo ng kumpanya. Pangapat siya sa mga nag-ambag ng pinakamalaking halaga-\$623,000—sa kampanya ni Bush para sa pagkapangulo. Naiulat ding 35 upisyal ng administrasyong Bush ang may pag-aaring malalaking sapi sa Enron at ilang iba pa ang nagsilbing consultant ng korporasyon. Kapalit ng mga ito, naging maimpluwensya ang Enron sa pagbabalangkas ng patakaran sa enerhiya ng kasalukuyang gubyerno ng US. Pinaniniwalaan ding may papel ang White House sa pagtatakip sa anomalyang naganap sa Enron.

Mula nang sumambulat ang kaso ng Enron, pang-10 na ang WorldCom sa malalaking korporasyon sa US na nasangkot sa iskandalong pampinansya. Ang iba pang mga kumpanya ay ang Tyco, Rite Aid, Merrill Lynch, Waste Management, Cendant, Sunbeam, Global Crossing at Adelphia Communications. Nitong huli ay nalantad naman ang bagong mga kasong kinasasangkutan ng Xerox, Apple Computer, at Walt Disney.

10 Hulyo 2002. ANG BAYAN

16 armas, nasamsam ng BHB sa Misamis Occidental

Labing-anim na malalakas na riple ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Kanlurang Mindanao nang ireyd nito ang isang detatsment ng CAFGU noong Hunyo 30. Ang matagumpay na reyd ay isinagawa sa Sinaad, Sapang Dalaga, Misamis Occidental.

Nasamsam ang 13 M14, dalawang M16, isang garan at isang hand-held na radyo. Walang nagawa ang mga CAFGU nang sumalakay ang BHB sa kanilang himpilan.

4 sundalo patay, 2 sugatan sa ambus sa Bulacan

Apat na sundalo ng 34th Special Forces Company Riverine ang napatay at dalawa pa ang nasugatan nang tambangan sila ng mga Pulang

mandirigma sa pagitan ng Barangay Binakod at Barangay Sta. Cruz, Paombong, Bulacan nitong Hulyo 3 ng umaga. Nagpapatrulya ang mga sundalo sa ilog nang sila ay tambangan.

Sa sumunod na araw, dalawang sasakyan ng 305th PNP Provincial Mobile Group ang sinunog ng isang tim ng BHB sa Barangay Panasahan sa kanugnog na bayan ng Malolos.

Mga pulis, inambus sa Surigao

Matagumpay na inambus ng BHB ang isang pangkat ng mga pulis sa haywey ng Barangay Alipao, Alegria, Surigao del Norte noong huling linggo ng Hunyo. Isang M14 at 9 mm na pistola ang nasamsam mula sa pananambang. Isang pulis ang napatay at isa pa ang nasugatan.

Pabalik na ang mga pulis sa kanilang istasyon mula sa isang operasyon nang tambangan sila ng BHB bandang alas-6 ng gabi.

Mga sundalo, inambus ng BHB sa Samar

Nagulat at di na nakapanlaban ang mga elemento ng 34th IB na inambus ng BHB noong Hunyo 30 sa pagitan ng Barangay Concepcion at Barangay Lawaan sa Paranas, Samar. Lulan ng isang *six by six* na trak ang anim na sundalo nang paulanan ng bala ng mga Pulang mandirigma. Pabalik ang mga tropa sa kanilang himpilan sa San Jorge, Samar nang tambangan sila ng BHB bandang 12:30 ng tanghali. Dalawa sa mga sundalo ang napatay at apat pa ang sugatan.

Pinasabog ng BHB ang trak gamit ang mga *command-detonated land mine*.

Mga aksyong pagparusa, inilunsad sa Negros, Davao Oriental at Tarlac

Inako ng Boy Gatmaitan Command ng BHB-Negros ang panununog sa siyam na bus ng Ceres Bus Line mula Pebrero hanggang noong Hunyo 20. Ang mga bus ng Ceres ay pag-aari ng Vallacar Transit Inc.

Sa isang pahayag na lumabas noong Hunyo 21, sinabi ni Ka Bayani Obrero, tagapagsalita ng BHB-Negros, na ang panununog sa mga bus ng Ceres ay kaparusahan sa pamilyang Yanson, mayari ng Vallacar. Marami na aniyang pagkakasala ang pamilyang Yanson sa mamamayan at sa rebolusyonaryong kilusan. Kabilang dito ang di pagbabayad ng karampatang buwis sa rebolusyonaryong kilusan, pangangamkam ng lupa sa Hinobaan, Negros Occidental at Escalante City para gawing terminal ng Ceres, pambabarat sa sahod at mga benepisyo ng mga manggagawa nito at di pagsagot sa mga obligasyon sa mga biktima ng mga aksidenteng kinasasangkutan ng Ceres.

Sinunog naman ng mga Pulang mandirigma ang isang bus ng LCI, isang kumpanya sa transportasyon, sa Sityo Tagamot, Barangay Dawan, Mati, Davao Oriental noong Hunyo 23. Pinarusahan ang LCI dahil sa pagpapabaya nito sa mga biktima sa mga aksidente.

Sa Barangay Mamonit, Mayantoc, Tarlac, sinunog ng isang iskwad ng BHB noong Hunyo 11 ang dalawang *cement mixers* at isang trak na nagkakahalaga ng ilang milyong piso. Ito'y dahil sa di pagtalima ng may-ari nitong si Francisco Dizon sa patakaran ng rebolusyonaryong kilusan sa pagbubuwis.

Balita

Planong pagpapasara ng 10 ospital sa Isabela, binatikos


Binatikos ni Ka Lorena Magtanggol, tagapagsalita ng NDF-Cagayan Valley, ang planong pagpapasara ng 10 pangkomunidad na ospital sa Isabela. Sinabi ni Magtanggol na mas binigyang prayoridad ng gubernador ng prubinsya na si Faustino Dy Jr. ang pagtatayo ng magarbong gusaling medikal sa Ilagan (kabisera ng Isabela) sa halip na dagdagan ang pondo ng maliliit na ospital na sumeserbisyo sa mahigit 270 baryo sa mga liblib na bayan ng Isabela. Dahil dito, aniya, hindi lamang mapagkakaitan ng serbisyong pangkalusugan ang mahihirap, marami pang mga doktor at manggagawang pangkalusugan ang nanganganib na mawalan ng trabaho.

Ang mga ipasasarang ospital ay ang Dinapigue Medicare and Emergency Hospital, Jones Medicare and Community Hospital, San Mariano Medicare and Community Hospital, San Antonio Municipal Hospital, Quirino Medicare and Community Hospital, Quezon Emergency Hospital, San Guillermo Emergency Hospital, Elvin Masigan Municipal Hospital, Faustino Dy Emergency Hospital sa Villa Concepcion sa Cauayan at Tumauini District Hospital.

Dahil dito, mapipilitan ang mga taumbaryo na maglakbay nang aabot sa mahigit 30 kilometro bago makarating sa pinakamalapit na pagamutan.

Pagpapakatuta ng rehimen, kinundena sa Araw ng Kalayaan

Kinundena noong Hunyo 12 ng may 2,000 manggagawa, magsasaka, kababaihan, guro, kabataan at iba pang sektor mula sa Kamaynilaan, Gitna at Timog Luzon ang planong pagdeploy ng mas maraming



Upang ilarawan ang sagad-sagarang pagkapapet ng rehimeng Macapagal-Arroyo, ipinarada ng mga nagrali ang "Statue of Puppetry". Pinuna rin nila ang maluhong hungkag na selebrasyon ng Malakanyang sa Araw ng Kalayaan, na nagkahalaga ng P10 milyon.

Kinundena rin nila ang pagharang ng daan-daang *anti-riot* na pulis sa rali kung saan inaresto ang pitong demonstrador, kabilang ang apat na bata.

Samantala, sa isang pahayag ay ipinanawagan ng iba't ibang organisasyon sa Canada ang pag-alis ng mga tropang Amerikano sa Pilipinas. Ipinanawagan din nila ang pagpapatuloy ng di pa natatapos na pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa tunay na kasarinlan at demokrasya.

Welga sa pier, tagumpay

Sa pamumuno ng Samahan ng mga Manggagawa sa Pantalan,

naparalisa ng welga ng may 500 manggagawa mula sa Pier 2, 4, 6, 12, 14 at 16 ang operasyon sa Manila North



Harbor noong Hunyo 25. Tinutulan ng mga manggagawa ang pagkakait sa kanila ng United Dockhandlers Inc. (UDI) ng *mid-year bonus*, 13th month pay at iba pang benepisyong naipanalo na nila sa CBA. Sumuko ang UDI at nangakong ibibigay ang mga benepisyong nagkakahalagang P8 milyon sa may 1,000 manggagawa.

Laban ng manggagawa sa FTI, umiinit

Tinuligsa ng mga manggagawa ng Food Terminal Inc. (FTI) sa Taguig, Metro Manila ang patuloy na pagkakait ng maneydsment na makipagkasundo para sa isang makatarungang collective bargaining agreement (CBA). Anila, ang mga nauna nang napagkaisahan tulad ng dagdag sa mga benepisyo at ang inialok ng maneydsment na P1,800 dagdag sa sahod kada buwan ay binawing lahat ng negotiating panel ng FTI sa utos ng Malakanyang. Tinakot pa ang mga manggagawa na ipasasara o isasapribado ng Malakanyang ang korporasyon kung igigiit nila ang kanilang mga kahilingan.

Pinabulaanan ng mga manggagawa ang idinadahilan ng maneydsment na nalulugi na ang FTI. Katu-

Balita

nayan, anila, ang FTI lamang ang korporasyon na solong pag-aari ng gubyerno na hindi tumatanggap ng subsidyo mula sa pamahalaan. Sa halip nag-aakyat pa nga ito ng pera na ginagamit ng mga nagdaan at kasalukuyang rehimen.

Iginiit ng mga manggagawa na kung hindi ipagkakaloob ang kanilang makatarungang mga kahilingan, dadalhin nila sa welga ang mahigit anim-na-buwan nang pakikipaglaban para sa CBA.

Koronel, kinasuhan sa pagpatay sa 2 myembro ng Bayan Muna

Sinampahan ng kasong pagpatay at bigong pagpatay sa dalawang myembro ng Bayan Muna sina Col. Jovito Palparan, kumander ng 204th Bde; M/Sgt. Larry Hilario, operatibang paniktik; at Aniano "Silver" Flores at Larry Viena Aparato, mga *asset* ng militar. Ang mga biktima na pinagbabaril noong Mayo 28 ay sina Edilberto Napoles at Ruel Landicho. Napatay si Napoles samantalang sugatan si Landicho, na siyang kumilala kina Flores at Aparato bilang mga salarin. Inakusahan ng Bayan Muna bilang *mastermind* ng mga pagpaslang sina Palparan at Hilario.

Apila ng Mamburao 6, ibinasura ng korte

Kinundena noong Hunyo 21 ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang pinakahuling desisyon ng Quezon City Regional Trial Court na nagbasura sa apila para sa rekonsiderasyon ng kaso ng tinaguriang Mamburao 6.

Ang Mamburao 6 ay mga lider-magbubukid sa Occidental Mindoro na pinaratangang pumatay sa mga anak ng despotikong panginoong maylupang si Ricardo Quintos noong 1999. Mula't sapul ay inako na ng BHB ang pagpaparusa sa mga Quintos.

Anang KMP, sa pagbabasura ng apila, patuloy na ginagawang kriminal ang lehitimong pakikibaka ng mga magsasaka para sa tunay na repormang agraryo.

Mamamayan, patuloy na tumututol sa San Roque Dam Project

Sa harap ng pagmamadali ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo na tapusin na ang San Roque Multipurpose Dam Project (SRMDP), tuluy-tuloy at ibayong pinaiigting ng mamamayan ng Kordilyera ang paglaban dito.

Noong Hunyo 22, kinundena at tinawag na hungkag ng mga grupong kontra-SRMDP ang dayalogo na inisponsor ng Malakanyang para umano talakayin ang mga usapin kaugnay ng proyekto. Inimbitahan sa dayalogo ang malalaking alyansa sa Kordilyera na tutol sa proyekto, subalit hindi pinakinggan ang kanilang hinaing na itigil ang konstruksyon ng dam. Hinarangan din ang may 800 magsasaka mula sa Pangasinan at Itogon na nagpiket laban sa dam sa tarangkahan ng San Roque Power Corporation (SRPC).

Mariing tinuligsa ng mga alyansa ang pagbubuhos ng gubyerno ng pondo sa SRMDP sa kabila ng paulit-ulit nilang pag-apila na itigil na ang proyekto. Noong Hunyo 22, iniutos ni Macapagal-

Arroyo na ilaan dito ang halagang \$20 milyon (P1 bilyon) na nautang niya nang bumisita sa China. Sinusuyo rin ng gubyerno ang Japan Bank of International Cooperation na ituloy na ang nakabimbing \$400 milyon (P20 bilyon) nitong pautang para sa SRMDP. Iniatras ng Japan ang pondong ito dulot ng pagtutol ng mga aktibistang Hapon.

Binigyang-diin ng Cordillera People's Alliance ang mga kaugnay na suliraning kakaharapin ng mamamayan sa operasyon ng dam. Isa na rito ang pagbabayad sa \$40 milyong inutang ng gubyerno para tapusin ang dam. Panibagong bayarin ito sa mga dayuhang nagpopondo sa proyekto. Bukod rito, tiyak na lalong tataas ang singil sa kuryente oras na makapag-ambag ang dam ng 345 karagdagang *megawatts* sa National Power Corporation (Napocor). Ipapasa ng Napocor ang pagbabayad sa karagdagang enerhiya sa mga konsyumer sa pamamagitan ng PPA.

Task Force Hope, inilunsad laban sa rebolusyonaryong kilusan

Inilunsad noong Hunyo 29 ng AFP, PNP at Commission on Elections ang Task Force Hope upang pigilan diumano ang rebolusyonaryong kilusan sa pag-impluwensya sa eleksyong pambarangay. Tampok sa Project Hope ang mga opensibang operasyong kombat at paniktik laban sa rebolusyonaryong kilusan. Tinaguriang pangunahing "election hot spots" at kung gayo'y pagkokonsentrahan ng mga operasyon ang Gitnang Luzon, Timog Katagalugan at Bikol. Kaugnay nito, isang batalyon na ng Philippine Marines ang ipinakat kamakailan sa Camarines Norte at Camarines Sur. Nagdagdag din ng mga pwersang militar sa iba't iba pang lugar sa bansa kung saan malakas ang rebolusyonaryong kilusan dahil "pinalalakas ng PKP at BHB ang presensya sa mga lokalidad at kontrol nila sa mga pampulitikang istruktura ng mga barangay sa pamamagitan ng eleksyon sa Hulyo 15."

Mga paramilitar, dinagdagan sa Northern at Central Luzon


Noong Hunyo 15, pormal na binuo ang 13 kumpanya ng CAFGU sa ilalim ng 5th ID sa Northern Luzon at 7th ID sa Central Luzon upang dagdagan ang pwersang paramilitar at militar sa mga kontra-rebolusyonaryong operasyon. Limang kumpanya ang binuo sa Northern Luzon at walo sa Central Luzon. Ginawa nitong 72 ang kabuuang bilang ng mga kumpanya ng CAFGU na nakapakat sa dalawang rehiyon. Di pa kabilang dito ang grupong Cordillera People's Liberation Army na kasalukuyang sinasanay ng AFP para sa ganap na integrasyon. Ginawa ito ng AFP batay sa pananaw na muling lumalakas ang pwersang rebolusyonaryo sa Ilocos, Kordilyera, Cagayan at Central Luzon.

KARAPATAN, hinaras ng mga sundalo, pulis

Inilantad ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) noong Hunyo 20 ang paglabag ng mga tropa ng Task Force Makiling sa mga karapatang-tao ng mga myembro ng *fact-finding mission* na pinangunahan ng KARAPATAN-Batangas. Ayon sa pahayag nito, nakatakdang imbestigahan ng *fact-finding mission* ang mga pang-aabuso sa mamamayan ng mga sundalo at pulis ng Task Force Makiling. Anang KMP, ang mga babaeng kalahok sa misyon ay hinaras at binastos ng mga taga-Task Force, habang ang kalalakihan ay binugbog at kinulata. Ang nasabing *task force* ay nagbabantay sa mga lupaing pag-aari ng malalaking asendero sa Timog Katagalugan gaya ng mga Roxas, Puyat at Lopez.

Mga anti-migranteng patakaran, itinutulak ng DOLE

Nakipagkasundo ang DOLE sa gubyerno ng Saudi Arabia para kaltasan nang 25% ang minimum na sahod ng mga migranteng manggagawang Pilipino roon. Ayon din sa kasunduan, bawal nang magsampa ng kaso laban sa kanilang mga rekruter at amo ang mga migranteng manggagawa kung may mga paglabag sa kontrata.



Sasaklawin ng kasunduan ang may 400,000 manggagawang Pilipino sa Saudi Arabia na may mababang antas ng kasanayan. Idineklara ring iligal ang mga *welfare center* sa labas ng embahada ng Pilipinas. Ginagawang kriminal ng gayong deklarasyon ang pagdulog ng mga problemadong migranteng manggagawa sa Migrante at iba pang alternatibong *welfare center*.

4.87 M Pilipino, walang trabaho

Umabot na sa 4.87 milyong Pilipino noong Abril ang upisyal na itinuturing ng gubyerno na walang trabaho. Sadyang mas malaki dito ang aktwal na bilang dahil sa panduduktor ng gubyerno sa estadistika. Palatandaan din ito na bigo ang rehimeng Macapagal-Arroyo na lutasin ang malawakan at papalalang disempleyo sa bansa. Ang tantos ng disempleyo na 13.9% ang pinakamataas na naitala sa loob ng dalawang taon. Lahat ng rehiyon ay nagtala ng matataas na tantos ng disempleyo, pangunahin na ang Metro Manila (20.3%). Samantala, ayon sa National Statistics Office, 5.9 milyon o 19.6% sa kabuuang bilang ng mga may trabaho ang underemployed o kulang ang trabaho.

14 Hulyo 2002 . ANG BAYAN

PN sinanay ng British Navy

Dumaong noong kalagitnaan ng Hunyo sa Pier 15 ng Manila South Harbor ang HMS Nottingham ng British Royal Navy (BRN) para sa limang-araw na pagsasanay. Lulan ng HMS Nottingham, isang air defense destroyer, ang 250 tropa ng BRN.

Rest and recreation umano ang pakay ng pagbisita ng mga tropa ng United Kingdom. Subalit matingkad na bahagi ng kanilang aktibidad ang pagsasanay sa mga tropa ng Philippine Navy na nakatalaga sa Malampaya Gas Fields sa Palawan hinggil sa pakikidigmang pandagat.

MGA BALITA MULA SA HANAY NG MGA ESTUDYANTE AT GURO

Bilang ng mga estudyante sa pribadong kolehiyo, bumagsak

Bumagsak ang bilang ng mga estudyante sa mga pribadong eskwelahan ngayong pasukan dahil sa pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin. Sa Adamson University sa Maynila, bumaba nang 12% ang bilang ng mga estudyante. Sa University Belt at Taft sa Maynila, patuloy pa ring tumatanggap ng mga magaaral ang mga eskwelahan isang linggo matapos ang unang araw ng pasukan dahil sa kakulangan ng mga estudyante. Patuloy din ang *enrollment* sa mga eskwelahan ng AMA sa kalagitnaan ng Hunyo kahit noong Mayo 28 pa nag-umpisa ang pasukan dito.

"Kabataan, napupwersang magtrabaho imbes na mag-aral" —Anakbayan-Negros

Ipinahayag ng Anakbayan-Negros Oriental noong Hunyo 11 na maraming kabataan sa prubinsya ang di makapag-aral dahil sa papataas na halaga ng edukasyon at tumitinding kahirapan. Dahil dito, ani Dionmarx Dionson, tagapangulo ng organisasyon, 75% ng 300,000 kabataan sa prubinsya na nasa edad mag-aral ang napupwersang magtrabaho sa sektor ng agrikultura o konstruksyon. Tinuligsa rin ni Dionson ang gubyerno sa pagbibigay ng higit na prayoridad sa pagtugis ng militar sa Abu Sayyaf kumpara sa edukasyon.

Mga guro at estudyante, nagrali

Naglunsad ng koordinadong kilos-protesta ang mga guro at estudyante sa Baguio, Gitnang Luzon, Bicol, Samar, Panay, Davao City at Metro Manila noong Hunyo 17, upang tutulan ang kalunus-lunos na kalagayan ng edukasyon sa bansa.

Ipinahayag ng mga estudyante ang kanilang mariing pagtutol sa muling pagtataas ng matrikula sa napakaraming eskwelahan. Binatikos din nila ang CHEd bilang instrumento lamang sa komersyalisasyon ng edukasyon at kasabwat ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa pagkakait ng edukasyon at serbisyo-sosyal sa kabataan.

Sa pamumuno ng Alliance of Concerned Teachers, tinuligsa ng mga guro ang Basic Education Curriculum, ang napakasalat na badyet sa edukasyon at ang mababang sahod ng mga guro.

Inumpisahan din ni Bayan Muna Rep. Liza Maza, mga lider-guro at lider-estudyante ang "Bisita Eskwela"—ang pagbisita sa mga pampublikong paaralan para imbestigahan ang mga problemang bumabayo sa mga guro at mag-aaral.

28 estudyante, sumapi sa BHB

Dalawampu't walong estudyante mula sa ilang kolehiyo at unibersidad sa Metro Manila ang nagpasyang sumapi sa BHB nitong unang anim na buwan ng 2002. Dalawampu't apat naman ang nagpasyang buong panahong kumilos sa kalunsuran.

Ayon din sa ulat ng Pambansang Kawanihan para sa Kabataan-Estudyante, noong nakaraang taon ay 40 sa 115 estudyanteng nagpultaym mula sa mga naturang eskwelahan ang sumapi sa BHB o nadeploy sa iba't ibang larangan ng gawain sa kanayunan. Tatlumpu't anim naman ng 70 nagpultaym noong 1999 ang sumapi sa BHB.

Bukod sa mga ito, may higit na malaki pang bilang ng mga estudyante sa mga paaralan sa mga prubinsya ang sumapi sa BHB at nagpultaym sa pagkilos sa iba't ibang rehiyon.

Balita

"Di na kailanman manunumbalik ang kapitalismo"—parlamento ng Cuba

Lubos na pinagkaisahan ng National Assembly ng Cuba na italaga sa konstitusyon na di na maaaring iatras ang 41-taong sosyalistang sistema sa bansa. Pinagtibay ang susog sa konstitusyon makalipas ang tatlong araw na pagpupulong hinggil dito. Sa mismong botohan, na pinangunahan ni Pres. Fidel Castro, sumigaw ng malakas na "Si!" (Oo) ang bawat bumoto. Matapos ideklarang may pagkakaisang lubos, magkakapit-kamay na inawit ng mga deputado ang pambansang awit ng Cuba at ang Internasyunal. Idineklara ni Castro ang pagpasok ng Cuba sa sistemang sosyalista dalawang taon matapos magtagumpay ang rebolusyon dito noong 1959.

Pangkalahatang welga sa Spain, tagumpay

Milyun-milyong manggagawa ang lumahok sa isang 24-oras na pangkalahatang welga noong Hunyo 20 sa Spain. Halos 84% ng manggagawa ay lumahok sa pangkalahatang welga na inorganisa ng dalawa sa pinakamalalaking unyon sa bansa. Ang welga ay itinaon sa bisperas ng European Union Summit sa Seville at sa panahon ng pagsigla ng turismo. Apektado ng welga ang transportasyon, industriya, kalakalan at serbisyo sibil.

Ang welga ay tugon ng mga manggagawa sa plano ng gubyernong repormahin ang *unemployment benefit system* at protesta sa mga pang-ekonomyang patakaran ng Spain na ibayong nagdudulot ng kawalang hanapbuhay. Ang tantos ng kawalang hanapbuhay sa Spain, na umaabot ng 11.5%, ang pinakamataas sa 15 bansang myembro ng European Union.

Ito ang unang pangkalahatang welga sa Spain mula nang maluklok sa poder ang makakanang gubyerno ni Jose Maria Aznar noong 1996.

10,000 nagprotesta sa Norway laban sa WB

Dumagsa ang may 10,000 mamamayan sa mga lansangan ng Oslo, Norway noong Hunyo 25 upang tuligsain ang World Bank (WB). Inilunsad sa syudad ang Annual Bank Conference on Development Economics. Isinigaw ng mga nagrali ang mariing pagtuligsa sa iba't ibang mukha ng pandaigdigang kapitalismo, mula sa imperyalismong US at mga atake ng Israel sa Palestine.

Pulong ng G8, tinapatan ng demonstrasyon

Libu-libong mamamayan ang nagprotesta kasabay ng



pagpupulong ng Group of 8 (kinabibilangan ng US, Japan, France, Great Britain, Germany, Canada, Italy at Russia) sa Calgary, Alberta at Ottawa, Canada noong Hunyo 27. Isinigaw nila ang iba't ibang islogang anti-imperyalista na tumuligsa sa pampulitika, pang-ekonomya at pangkulturang panghihimasok ng imperyalismo sa iba't ibang bansa sa daigdig. Bago nito, sinalubong ng mga demonstrasyon ang Finance Ministerial Meet ng Group of 7 (di kabilang ang Russia) sa Halifax, Nova Scotia, Canada.

Banta ng US laban kay Arafat, binatikos

Hindi sumang-ayon ang iba pang mga myembro ng G8 sa banta ng US na bawiin ang ayuda at suporta sa Palestine kapag nanatiling pinuno ng bansa si Yasser Arafat. Iginiit ng mga lider ng Canada, France, Germany, Japan at Russia na karapatan ng mga Palestino na pumili ng lider sa pamamagitan ng eleksyon. Samantala, patuloy na nakapakat sa pitong lunsod ng West Bank ang mga tropa ng Israel at pana-panahong muli't muling nilulusob ang mga ito. Pinatawan ng *curfew* ang mamamayang Palestino. Noong Hunyo 29, pinasabog ng Israeli Army ang himpilan ng pulisya ng Palestine.

Panawagan

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala.

Inilalabas na ang **AB** sa limang mayor na lenggwahe sa Pilipinas—Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Iloko at Waray, bukod pa sa Ingles.

Magpadala ng blangkong *email* sa *address* ng edisyong nais ninyong tanggapin:

angbayan_updates_pilipino-subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_bisaya-subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_english-subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_hiligaynon-subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_iloko-subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_waray-subscribe@yahoogroups.com

16 Hulyo 2002 . ANG BAYAN